

Pagbubuo ng Panimulang Glosaryo ng Mga Salitang Pantabangan

(Preparing a Preliminary Glossary of Pantabangan Words)

Rommel V. Espejo

Nueva Ecija University of Science and Technology
rommelespejo1572@gmail.com

ABSTRAK

Ang Pantabangan, Nueva Ecija ay natatanging bayan sa lalawigan dahil sa namumukod-tanging kultura at tradisyon. Kapansin-pansing ang mga mamamayan at mag-aaral sa bayang ito na nagtutungo sa lungsod ng Cabanatuan na may sariling salita sa pakikipag-usap, pakikipagkwentuhan at pakikitungo sa kanilang mga kamag-aral at maging sa ibang mga mamamayan ng Nueva Ecija, gamit ang kanilang mga katangi-tanging bokabularyo at ang kakaibang bigkas ng mga salita. Sa ganitong diwa, layunin ng mananaliksik na makapagtipon ng mga salitang may kaugnayan sa kultura at tradisyon, upang makabuo ng panimulang glosaryo ng mga salitang Pantabangan.

Mga Susing Salita: Pantabangan, Nueva Ecija, Tagalog, glosaryo, leksikograpiya

~~~

#### **ABSTRACT**

*Pantabangan in the Province of Nueva Ecija is a town known for its unique culture and traditions. It observed that citizens and students from Pantabangan, who go to or study in Cabanatuan City, are fluent communicating, conversing, and relating to their classmates and other citizens of Nueva Ecija, using their own unique vocabularies and way of pronouncing words. In view of this, the researcher aims to collect culture- and tradition-related words to prepare a preliminary glossary of Pantabangan words.*

**Keywords:** *Pantabangan, Nueva Ecija, Tagalog, glossary, lexicography*

~~~

Panimula

May kapangyarihan ang wika at may wika ang kapangyarihan ayon kay De Quiros (1996). Ang wika ay hindi lamang isang paraan ng komunikasyon; ito ay isa rin paraan upang makapaghari. Hindi lamang ito susi sa impormasyon; susi rin ito sa

kapangyarihan. Ang wika ay makapangyarihan sapagkat ito ay kaluluwa ng bayan. Wika ang tagapamansag ng kultura. Ito ang tagapamahayag ng mithiin, pangarap, at adhikain ng mamamayan. Ang pagkakaroon ng isang pambansang wika ay magbibigkis sa mga mamamayang may iba-ibang kultura, iba-ibang wika at katayuan sa buhay.

Bagamat makapangyarihan ang wika, nakasalalay rin sa tao ang kapalaran nito, sapagkat ang wika ay parang tubig. Ang hugis ng tubig ay kung ano ang hugis ng sisidlan (San Juan, 2012). Ginagamit rin ang wika upang maipahayag ang nais sabihin ng kaisipan ng mga taong naninirahan sa isang pamayanan. Sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsulat, napapaabot nila ang kanilang kaisipan at damdamin. Isa rin itong likas na makataong pamamaraan ng paghahatid ng mga kaisipan, damdamin at mga hangarin sa pamamagitan ng isang kaparaanang lumilikha ng tunog; at kabuuan din ito ng mga sagisag sa paraang binibigkas. Sa pamamagitan nito, nagkakaugnayan, nagkakaunawaan at nagkakaisa ang mga kaanib ng isang pulutong ng mga tao.

Bawat pangkat o pulutong ng mga taong naninirahan sa isang bansa, bayan, pook o pamayanan ay may sariling kultura. Ang kultura, sa payak na kahulugan, ay ang sining, literatura, paniniwala, at kaugalian ng isang pangkat ng mga taong nananahanan sa isang pamayanan. Ayon kay Santiago (1979), ang kultura ay ang pangkabuuang pananaw ng mga tao sa isang lipunan sa mundo at sa kanilang kapaligiran. Ang pananaw na ito ay hango sa paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, at iba pang mga bagay na nag-ugnay sa tao at nagpatibay sa bigkis ng pagkakaisa na siyang nagpapalaganap ng kanilang pangkalahatang diwa, pananaw, kaugalian, at adhikain. Sumasaklaw ang pag-aaral ng kultura sa kabuuang masalimuot na proseso na binubuo ng iba't ibang elemento tulad ng karunungan, pananampalataya, sining, batas, ugali, kagandahang asal, at iba pa na maaaring matutunan ng tao bilang kasapi sa isang lipunan gayundin bilang sistema ng mga simbolo na ipinapaliwanag ng wika. Mahigpit na magkaugnay ang wika at kultura (Rubrico, 2009a at 2009b). Konektado ang wika kapwa sa materyal at di-materyal na kultura. Binubuo ng materyal na kultura ang mga bagay na nakikita at nahahawakang pisikal. Nabibilang dito ang mga kasangkapan, kasuotan, kagamitan, bahay at pagkain. Ang mga tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, at iba pa ay sumasaklaw naman sa kulturang di-materyal.

Sa ganitong diwa ito, masasabing ang mga leksim na bahagi ng papel na ito ay kalipunan ng mga paniniwala, tradisyon, uri ng pamumuhay, kasaysayan, kasuotan, sayaw, musika, at kagamitan na bumubuo sa matingkad na di-materyal at materyal na kultura ng mga taga-Pantabangan. Ito ang mga bagay na pinagmumulan ng kanilang kakaibang salita kung kaya't natatangi sila sa lalawigan ng Nueva Ecija. Patunay lamang ito na malapit ang relasyon ng kultura sa pagkakaroon ng varayti ng wika ng isang pamayanan. Pinatunayan nina Amtalao at Lartec (2015) na ang mga salitang inihahayag sa pamamagitan ng wika ay kaputol ng mga layunin, pagpapahalaga, paniniwala, at mga tradisyon ng nagkakaisang nilalang na binubuklod ng kultura.

Samakatuwid, ang wika ay ang nagbibigay anyo sa diwa at saloobin ng isang kultura. Ito rin ang nag-uugnay sa mga tao sa isang kultura, at sa pamamagitan nito, ang kultura ay maiintindihan at mapahalagahan maging sa mga taong hindi napaloob sa tinutukoy na kultura. Walang kulturang hindi dala ng isang wika sapagkat ito ay tumatayong sandigan at kaluluwa ng kultura na siya ring nagdadala at nagbibigay-diwa sa kultura ng isang lipunang binubuo ng mga taong may pareho-parehong pamumuhay at interes.

Sa Nueva Ecija, ang Pantabangan ay natatanging bayan sa lalawigan dahil sa namumukod-tanging wika na bumubuhay sa kanilang tradisyon at kultura. Kapansin-pansin ang mga estudyanteng taga-Pantabangan na nag-aaral sa lungsod ng Cabanatuan na may sariling salita sa pakikipag-usap, pakikipagkwentuhan at pakikitungo sa kanilang mga kamag-aral. Sila ang mga estudyanteng bumubuo ng sariling pamayanan, grupo, o pangkat sa loob ng pamantasan. Sa kanilang pagsasama-sama, maluwalhati silang nakikipag-ugnayan, nakikitungo at nakikipag-usap sa kapwa nila estudyanteng nagsasalita rin ng katulad ng sinasalita ng karamihan ng miyembro ng pangkat. Madali rin makilala ang mga taong ito, dahil sa kakaibang tono o punto ng kanilang pananalita. Sadyang ang varayti ng kanilang wika ay kakaiba sa lahat ng mga taga-Nueva Ecija kung saan karamihan ay nagsasalita wikang Tagalog at Ilokano.

Marahil malaki ang partisipasyon ng kasaysayan kung bakit ang mga taga-Pantabangan ay mayroon sariling wikang kumikilala sa kanilang mayamang kultura. Sinasabing, dahil sa pagtutulungan ng mga mamamayan na paunlarin ang bayan ng Pantabangan. Nagtulong-tulong ang mga mga tribu ng *Id-dules*, *Id –talengs* (Ilongot), at iba pang grupo mula sa karatig bayan at doon na nanirahan sa Pantabangan. Sila ang mga unang grupo ng mga pangkat etniko na nanirahan dito. Ayon sa kasaysayan, dala-dala ng mga grupong ito ang kanilang mga tradisyon, uri ng pamumuhay, kultura maging ang kanilang wika. Masaya silang namuhay sa bayang ito hanggang sa napaunlad at kinilalang bayan ng Pantabangan.

Naging pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Pantabangan ang pagsasaka, pangangaso at pangingisda. Isa itong lugar na biniyayaan ng lupaing sakahin, bundok, at ang pagkakagawa ng 217 metrong lalim ng tubig, ang Pantabangan Dam. At dahil sa pagsasaka, pangangaso at pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan, hindi malayong karamihan ng kanilang mga salitang katutubo ay nakaugat sa uri ng kanilang hanapbuhay. Ang salitang **banukol** ay maliliit na batong nakatambak sa gilid ng dam na tirahan tirahan ng mga isda. Samantalang, ang **barikbik** ay isang gamit na gawa sa kawayan na panghuli ng isda. Palagiang ginagamit ng mga estudyante ang salitang **dalayap**, sa wikang Filipino ito ang **lugar** sa Pantabangan kung saan nagtatagpo ang mga mangingingisda pagkatapos ng maghapon pangingisda sa laot. Sa modernong panahon, ginagamit ng mga estudyanteng taga-Pantabangan ang **dalayap** bilang lugar, kaya kadalasan naririnig sa kanila “**sa dating dalayap mga kaibigan**” “**sa dating lugar/tagpuan mga kaibigan.**”

Sa ganang ito, sadyang malaki ang maitutulong ng glosaryo sa pag-unawa sa winiwika ng mga kababayan naming taga-Pantabangan. Batid ng mananaliksik ang kasiyahan ng mga estudyante kung sila'y nagsasalita sa sarili nilang wika. Kahit pa ang panahon ay nilalamon ng mga makapangyarihang wika sa mundo, hindi pa rin nakalilimot ang mga kabataan sa yaman ng kanilang wika na bumubuhay sa kanilang kultura.

Sa ngayon, mayroong humigit sa 23,868 na mamamayan ang naninirahan sa bayan ito. Tuwing buwan ng Abril, nagtitipon ang mga mamamayan mula sa 12 barangay sa bayan para sa isang linggong pagdiriwang ng kanilang kapistahan. Tinawag na Pandawan Festival ang pagdiriwang ng kapistahan ng bayan ng Pantabangan. Tuwing buwan ng kapistahan, kapansin-pansin sa mga pagtatanghal ng mga palabas ang paggamit ng mga katutubong wika na tanging sa Pantabangan lamang naririnig. Isinisigaw ng mga mananayaw sa street dancing competition ang ilan sa mga salitang Pantabangan bilang salitang nakaugat sa kanilang kultura at identidad. Ilan sa mga salitang ito ang ay **ari** (*naku* sa wikang Filipino), **adyu** (ekspresyon kapag nagugulat o nabibigla), at **anta** (*bakit*). Taon-taon may limang salitang itinatanghal ang mga mananayaw. Sa gayon, naipapamahagi sa mga manonood mula sa iba't ibang sulok ng lalawigan ng Nueva Ecija at karatig-probinsiya ang mga salitang nagbibigay-hugis sa mayamang kultura ng Pantabangan.

Batayan ng Proseso ng Pagtitipon at Balidasyon ng Datos Para sa Glosaryo

Malaking tulong sa pagbuo ng kasalukuyang pananaliksik ang masaklaw na pagtalakay sa pag-aaral na “Glosaryo ng Mga Termino sa Panitikan” ni San Juan (2012). Ang proseso ng pagbuo ng nasabing glosaryo ay ginamit ng mananaliksik upang makabuo ng isang glosaryo na magpapakilala sa mga salita ng bayan ng Pantabangan. Naging padron ng mananaliksik ang nasabing glosaryo, lalo na sa proseso ng pangangalap ng mga salitang lahod partikular sa paghalaw sa mga salitang Pantabangan na nakatala sa mga lumang babasahin at aklat ng kasaysayan gaya ng kina Salazar (2000) at Baroman (1993).

Karamihan ng mga salitang lahod sa binuong glosaryo ay mula sa mga lumang babasahin sa Pantabangan at mga natipong salita nina G. Felipe V. Rios, dating ingat yaman ng bayan ng Pantabangan, at G. Celestino T. Sadaba, isang mamamayang nagmamalasakit na pangalagaan ang kanilang sariling wika. Naidagdag din ang mga salitang naibahagi nina Gng. Emisonia Gante, kasalukuyang nanunungkulan bilang tourism officer ng bayan ng Pantabangan at Bb. Karen R. Salera, municipal agriculturist. Lahat sila ay pawang taal na taga-Pantabangan.

Pinagsama-sama ng mananaliksik ang mga salita at sinikap na binigyang kahulugan ang mga ito sa wikang Filipino. Pinagsumikapan rin ang pagtatanong-tanong

sa mga respondent kung paano nila binibigyan ng kahulugan ang mga salitang Pantabangan sa wikang Filipino. Naging masalimuot ang pag-alam sa kahulugan ng mga salita sa wikang Filipino sapagkat, ito ang unang pagkakataon na binigyang kahulugan ng mga taga Pantabangan ang kanilang mga salita sa wikang Filipino. Mula sa katutubong wika, nagkaroon ng salin sa wikang Filipino.

Nag-ukol ng mahabang panahon ang mananaliksik sa balidasyon pa lamang ng kahulugan sa Filipino ng mga salitang lahok sa glosaryo. Ipinabasa sa 4 na pangunahing pinaghanguan ng mga salita ang naitalang salin. Nagkaroon ng ilang rebisyon sa mga kahulugan ayon sa gamit at pang-unawa ng mga mamamayan ng bayan ng Pantabangan. Muling iniayos ng mananaliksik ang listahan ng mga salitang lahok kasama na rito ang salin sa wikang Filipino.

Isinagawa ang balidasyon ng pinal na “Glosaryo ng Mga Salitang Pantabangan.” Kinasangkapan ang mga 5 mamamayan, 3 eksperto, 2 guro, at 4 pinaghanguan ng salitang lahok sa pinal na balidasyon ng mga salitang lahok; kahulugan nito sa wikang Filipino at gamit sa pangungusap upang lubos na mauunawaan ang kahulugan.

Ang glosaryo ay binubuo ng tatlong column ang glosaryo (makikita sa apendiks, p.57-72). Sa una at ikalawang column makikita ang listahan ng mga salitang lahok sa pag-aaral at ang katumbas nitong salita/mga salita sa wikang Filipino. Ang ikatlong columnman ay naglalaman ng mga pangungusap kung saan ginamit ng mananaliksik ang salitang lahok sa glosaryo. Sinalungguhan ang mga salitang lahok upang madaling makilala ang mga ito sa bawat pangungusap.

Ginamit ang palarawan o deskriptibong pamamaraan sa pananaliksik sa pagkalap at pagtala ng mga salita ng mga taga Pantabangan at upang mailarawan ang uri ng inklusibong wika sa pamamagitan pagbibigay-kahulugan sa wikang Filipino. Nakatulong din sa mananaliksik ang paggamit ng prinsipyong “pakikipagkapwa” (De Vera; Aquino) na nabanggit sa aklat ni Bernales (2016), at iba pang mga katutubo/maka-Pilipinong pamamaraan ng pananaliksik, gaya ng pakikiramdam, pagtatanung-tanong, paali-aligid, pakikisalamuha, pagdalaw-dalaw, pakapa-kapa, pakikiramdam at pagpapahiwatig; pakikiugaling pagmamasid, pakikipanuluyan, at pakikipagkwentuhan.

Upang matamo ang nilalayon ng pag-aaral na ito, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang na pahapyaw na naglalarawan sa proseso ng pagbubuo ng glosaryo, upang magsilbing gabay sa mga susunod pang mananaliksik.

Pagkalap at Pagbasa ng mga Dokumentong Tungkol sa o Mula sa Pantabangan

Personal na nagtungo ang mananaliksik sa Tanggapan ng Punong Bayan ng Pantabangan upang hingin ang pahintulot hinggil sa pananaliksik sa kanilang sariling

wika. Pinahintulutan ang mananaliksik na isagawa ang kanyang pakay at inindorso siya sa Tanggapan ng Pambayang Turismo. Sa personal na pakikipanayam kay G. Emisonia Gante, kasalukuyang nanunungkulang tourism officer, iminungkahi niyang masmabuting makapanayam ang mga taong mayroon ng mga ilang nalikom at nakalistang salita ng Pantabangan. Pinuntahan ng mananaliksik ang mga taong mayroon ng nakatalang salita at personal na nakapanayam at hiningi ang pahintulot na ilahok ang kanilang natipong salita sa binubuong glosaryo. Sinikap rin ng mananaliksik na likumin at basahin ang mga aklat, magasin, at mga talang nakasulat na nauugnay sa kasaysayan ng Pantabangan at sa huli, kinapanayam ang municipal agriculturist ng bayan para sa ilang karagdagang salita na mailalahok sa pagbuo ng glosaryo.

Pagpili at Pagtatala ng Mga Salita

Batay sa mga salitang nakalap mula sa iba't ibang pinaghanguan, nakalikom ng isang daan pitumpu't anim (176) na salitang Pantabangan ang mananaliksik. Ayon sa mga respondent, ang mga salitang ito ay kadalasang ginagamit at naririnig sa mga mamamayan ng Pantabangan sa kanilang pang-araw-araw na pakikipamuhay at pakikitungo sa kanilang kapwa. Dalawampu't pito (27) ay nahalaw mula sa mga lumang babasahin ng bayan, limampu't isa (51) ang mula sa listahan ni G. Rios, apatnapu't pito (47) ang nagmula sa pangangalaga ni G. Sadaba, tatlumpu't lima (35) ang naimbag ni Gng. Gante, labing-anim (16) ang mula sa listahan ni Bb. Salera.

Pagbibigay ng Kahulugan sa Bawat Salitang Lahok

Binigyang kahulugan ang 176 na katutubong salita ng mga taga-Pantabangan batay na rin sa kahulugan na ibinigay ng mga respondent. Mayroong ilang mga salita ang binigyan kahulugan ng mananaliksik ngunit ipinabasa sa mga respondent kung paano binigyan ng kahulugan ang mga ito. Tanging wikang Filipino lamang ang ibinigay na kahulugan sa mga salitang katutubo. Ginamit rin sa pangungusap ang mga salitang katutubo upang higit na maunawaan ng mga mambabasa ang isang terminolohiya.

Pagbuo at pagdebelop ng Talatanungan para sa Balidasyon

Sarbey-kwestyuneyr ang pangunahing instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pagkalap ng mga datos at impormasyon hinggil sa tugon ng mga nagbalideyt sa nabuong "Glosaryo ng Mga Salitang Pantabangan." Inilahad ng mananaliksik ang limang (5) tanong para sa pagbibigay-kahulugan sa mga salitang lahok at (5) katanungan para sa gamit nito sa pangungusap. Naglaan din ng espasyo ang mananaliksik sa talatanungan upang malayang isulat ang suhestiyon, puna, o rekomendasyon ng nagbalideyt sa glosaryo.

Bumuo ng isang talatanungan ang mananaliksik kung saan nakapaloob ang mga salitang nakalap at naitala sa pag-aaral. Ipinasagot ang nabuong talatanungan hinggil

sa tamang gamit ng mga salita sa mga mamamayan ng Pantabangan. Nagbigay rin sipi ng talatanungan sa mga eksperto tulad ng mga guro, mga matatanda sa bayan, at mga nagsulat sa kasaysayan ng Pantabangan, mga kawani sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultura, upang malaman ang kawastuhan ng gamit ng mga terminolohiya. Naging bukas ang mananaliksik sa mga puna at/ o mungkahi ng mga respondent ukol sa glosaryo.

Administrasyon ng at Pagsusuri sa Resulta ng Sarbey

Muling kumuha ng pahintulot ang mananaliksik sa Tanggapan ng Punong Bayan ng Pantabangan. Tumulong ang tourism officer ng bayan sa paghahanap ng mga taong magbabalida at makatutulong sa nabuong glosaryo. Sa kabuuan natipon ang labing-apat (14) na respondent sa pag-aaral na pawang mga taal na taga-Pantabangan: 5 ordinaryong mamamayan, 3 eksperto sa wika, 2 guro, at 4 na indibidwal na pinagkunan ng marami-raming salitang lahod.

Binigyan sila ng 3 oras para basahin ang buong glosaryo at 30 minuto para sagutan ang talatanungan hinggil sa balidasyon nito.

Naisagawa ang pagpapasagot sa tulong mga kawani ng Tanggapan ng Pambayang Turismo.

Ang pamantayan at pagbibigay ng deskripsyon sa mga sagot mula sa mga nagbalideyt (na pinagkunan ng weighted mean) ay binigyang-kahulugan sa pamamagitan ng sumusunod na deskripsyon:

<i>Iskala</i>	<i>Range</i>	<i>Deskripsyon</i>
5	4.21-5.0	<i>Labis na Katanggap-tanggap</i>
4	3.41-4.20	<i>Katanggap-tanggap</i>
3	2.61-3.40	<i>Bahagyang Katanggap-tanggap</i>
2	1.81-2.60	<i>Hindi Katanggap-tanggap</i>
1	1.00-1.80	<i>Labis na Hindi Katanggap-tanggap</i>

Ibinubuod ng mga talahanayan sa mga susunod na bahagi ang mga nalikom na datos mula sa mga nagbalideyt ng nabuong glosaryo.

Talahanayan 1
Pagbibigay ng Kahulugan sa Salitang Lahok sa Wikang Filipino

No.	Mga Katungan	WM	VI
1	Nabigyan ng tamang kahulugan ang mga salitang taal sa Pantabangan.	4.29	Labis na Katanggap-tanggap
2	Madaling maunawaan ang kahulugan sa wikang Filipino.	4.43	Labis na Katanggap-tanggap
3	Hindi lumihis sa pagpapakahulugan namin ang ibinigay na kahulugan.	4.71	Labis na Katanggap-tanggap
4	Madaling bigkasin ang mga salitang ginamit bilang kahulugan mula sa wikang Filipino.	4.57	Labis na Katanggap-tanggap
5	Nakabatay sa aming kultura ang ibinigay na kahulugan sa mga salitang Pantabangan.	4.36	Labis na Katanggap-tanggap
	Kabuuang weigthed mean	4.47	Labis na Katanggap-tanggap

Batay sa mga datos na nakalap mula sa tugon ng mga respondent na nagbalideyt sa mga inilahad na kahulugan sa wikang Filipino ng mga salitang Pantabangan, lumalabas na “labis na katanggap-tanggap” sa mga respondent ang mga kahulugang ginamit.

Talahanayan 2
Paggamit ng mga Salitang Lahok sa Pangungusap

No.	Mga Katungan	WM	VI
1	Madaling unawain ang pangungusap.	4.28	Labis na Katanggap-tanggap
2	Nagamit nang tama ang mga salita sa bawat pangungusap.	4.57	Labis na Katanggap-tanggap
3	Nakabatay sa aming kultura ang konsepto ng bawat mga pangungusap.	4.20	Katanggap-tanggap
4	Nakatulong ang pangungusap sa lubos kong pag-unawa sa kahulugan ng aming salita.	4.07	Katanggap-tanggap
5	Nabigyan nang mahusay na gamit ang mga salita sa bawat	4.0	Katanggap-tanggap

	pangungusap .		
	Kabuuang weighed mean	4.22	Labis na Katanggap-tanggap

Makikita sa talahanayan 2 ang kabuuang tugon ng mga 14 na respondent na nagbalideyt sa paggamit ng mga salitang lahok sa pangungusap. Lumabas na “labis na katanggap-tanggap” sa mga respondent ang paggamit ng mga salita sa bawat pangungusap.

Nagbigay ng ilang mga suhestiyon at rekomendasyon sa nabuong glosaryo ang mga respondent: (1) isama ang iba pang salitang Pantabangan sapagkat marami pang salitang pantabangan ang hindi nakalista sa glosaryo; 2) isama sa pagsasagawa ng balidasyon ang mga matatandang mamamayan ng bayan; (3) maglagak ng kopya ng glosaryo sa munisipyo o sa Tanggapan ng Pambayang Turismo; (4) dagdagan pa ang mga halimbawang pangungusap; (5) palitan ang ilang mga salita sa pangungusap na mahirap unawain at (6) gawin itong isang magandang glosaryo na may mga larawan sa bawat salita.

Sa pagrerebisa ng glosaryong nabuo, isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga suhestiyon, puna at rekomendasyon ng mga respondent. Ipinabasa rin ito sa mga eksperto sa wika na 3 propesor na nagtuturo sa mga unibersidad upang masiguro ang kawastuhan sa baybay at tamang gamit ng mga salita. Binasa rin ito ng mananaliksik nang paulit-ulit.

Batay sa mga rekomendasyon ng mga 14 na respondent na nagbalideyt at 3 propesor ng Filipino nagbasa sa nabuong glosaryo, isinama ng mananaliksik ang ilan sa mga rekomendasyon maliban na lamang sa, isama pa ang ilang salitang Pantabangan sa pag-aaral at lagyan ng larawan ang bawat salitang lahok. Maaaring gawin ang mga rekomendasyon ito sa mga susunod pang panahon at sa muling pag-aaral ng salitang Pantabangan. Itinama rin ng mananaliksik ang ilang puna ng mga propesor tulad ng paggamit ng bantas, baybay ng salita at anyo ng pangungusap.

Matapos maisagawa ang lahat ng gawain at hakbang sa pagbuo ng glosaryo, sa kauna-unahang pagkakataon, nabuo ang “Glosaryo ng Mga Salitang Pantabangan” na nasa apendiks ng artikulong ito (p.57-72). Ang glosaryong ito ay panimulang ambag pa lamang at marami pang salita at karagdang impormasyon ang ilalahok sa pag-aaral na ito upang lalong maging katanggap-tanggap bilang isang glosaryong magpapayaman sa wikang Filipino.

MGA SANGGUNIAN:

Amtalao, John A. at Lartec, Jane K. 2015. "Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura, at Identidad ng Mga Ilokano." *Malay* 27 (2). <https://ejournals.ph/article.php?id=8077>

Baroman, Cesar C. 1993. *Nueva Ecija, 1896-1946*. Hasta La Vista Printing Press, Cabanatuan City.

Bernales, Rolando A. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Mutya Publishing House, Malabon City.

De Quiros, Conrado. 1996. "Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan." *Daluyan* 7 (1-2), 29-35.

Rubrico, Jessie Grace. 2009a. "Language and Culture Brief." http://www.languagelinks.org/teaching/lecturenotes/lecturenotes_language_and_culture.pdf

_____. 2009b. "Linggwistiks para sa Mag-aaral ng Agham Panlipunan 1." <http://www.languagelinks.org/onlinepapers/wika2.html>

San Juan, David Michael M. 2012. "Glosaryo ng Mga Termino sa Panitikan." Di nalathalang special project. Philippine Normal University, Manila. <https://clubmanila.files.wordpress.com/2016/04/mat-research-glosaryo-ng-mga-termino-sa-panitikan.pdf>

Salazar, Pedro T. et al., 2000. *Dahong Palay*. Recording Printing Press, Cabanatuan City.

APENDIKS: “Glosaryo ng Mga Salitang Pantabangan”

Salitang Pantabangan	Kahulugan sa Filipino	Halimbawang Gamit sa Pangungusap
A		
1. abat	bakit	1. <u>Abat</u> hinayaan ninyong maghari ang mga dayuhan sa ating bayan?
2. abraw	binagoong gulay	2. Kaysarap magluto ng <u>abraw</u> ang lola ni Jonathan. Palagiang nakahain ito sa hapag kainan tuwing kami’y bumibisita sa kanilang bahay.
3. abuab	sinungaling; bulaan	3. Laging umiwas sa mga taong <u>abuab</u> . Hindi ka nila matutulungan sa iyong hangarin sa buhay.
4. adyo/aju	ekspresyon kapag nabibigla	4. <u>Adyo!</u> Kaylakas ng hangin. Hindi natin kayang pumalaot ngayon.
5. agimok	malakas na ulan	5. Hindi makakapangisda ang mga bangkero ngayon dahil sa <u>agimok</u> .
6. alimbusang	nagulo, nagkagulo	6. Ang malakas na ipo-ipo ang naging dahilan kung bakit <u>naalimbusang</u> ang mga paninda sa liwasang bayan.
7. alinsasaga	halamang may buto na pula at itim	7. Kailangan mong makita ang <u>alinsasaga</u> sa gubat upang magamot ang sakit ng iyong nanay.
8. alipanog	tamad	8. Ang batang <u>alipanog</u> kailanman ay hindi magtatagumpay sa buhay.
9. alipuyo	umiikot	9. Huwag na huwag kayong dadako sa gitna ng tubigan, <u>nagaalipuyo</u> ang tubig baka kayo biglang higupin nito.
10. alis-is	hindi mapakali	10. Panahon na naman ng pagdiriwang, <u>alis-is</u> ang mga mamamayan sa dami ng palabas sa bayan.
11. alti	kasabihan	11. Marami pa rin sa mga kabataang taga Pantabangan ang naniniwala sa katutubong <u>alti</u> ng bayan.

12.	alumpipinig	putakti	12. Halos hindi makaraan ang mga nagnanais umakyat sa gubat dahil sa mga <u>alumpipinig</u> na nagliliparan sa daan.
13.	alupahok	hindi mapakali	13. <u>Alupahok</u> si Carlo ngayon araw na ito sa dahilang lalabas ang resulta ng kanyang board exam.
14.	ambulukan	maliit na langka	14. Kaytamis ng mga <u>ambulukan</u> sa gulod. Halina pitasin natin ang mga ito.
15.	anta	bakit	15. <u>Anta</u> ninyo pinabayaang mawala sa gitna ng tubigan?
16.	antigon	matatag	16. Kahit ilang taon na ang nakalipas, <u>antigon</u> pa rin ang simburyo ng simbahan sa lumang bayan.
17.	ari	naku	17. <u>Ari</u> , kailan kaya matatapos ang gawaing ito?
18.	ariwat	prutas gubat na maasim	18. Paboritong pinangsusuka sa sinigang na isda ang bunga ng <u>ariwat</u> .
19.	asar	panghuli ng isda, papag na yari sa kawayan	19. Inangat ni Lolo Damian ang <u>asar</u> at kanyang nakita na punong-puno ito ng huling isda.
20.	abar	hinaharang sa sapa	20. Hindi makadaloy ang tubig patungong bukirin dahil <u>abar</u> ng mga magsasaka sa hulo.
B			
21.	babag	away	21. Huwag na nating patulan ang <u>babag</u> na iyan sapagkat sila'y mga batang musmos pa lamang.
22.	bad-du	damit	22. Makukulay ang mga <u>bad-du</u> ng mga street dancers ng Pandawan Festival.
23.	bagnoy	bignay	23. Ang pasalubong niyang alak mula sa lungsod ng Baguio ay gawa sa <u>bagnoy</u> .
24.	bagting	sapot ng gagamba	24. Natatakot ang mga mag-aaral na pumasok sa kuweba dahil sa <u>bagting</u> na nakaharang sa bunganga nito.

25.	baidbid	patagilid; dalisdis; gulod	25. Ang <u>baidbid</u> sa dulong bahagi ng lupain ni lolo ay punong-puno ng pananim.
26.	bakasil	gulamang tubig; uri ng halamang tubig na inuulam	26. Maraming <u>bakasil</u> ang makukuha sa mababaw na bahagi ng tubigan.
27.	bakikong	panghuli ng isda na yari sa screen	27. Sa panahon ngayon, marami ng mangingisda ang gumagamit nga <u>bakikong</u> kumpara sa baklad.
28.	bakukol	panghukay; pangkutkot	28. Kailangan nating humanap ng <u>bakukol</u> upang maitayo natin ang mga kawayang ito.
29.	balatod	biya	29. Ang balatod ay isa sa mga isdang nahuhuli sa Pantabangan Dam.
30.	balungubong	bangin; tibag ng lupa	30. Mag-ingat kayo sa inyong paglalakbay patungong Baler. Maraming bahagi ng bundok ang <u>mabalungubong</u> .
31.	bangkak	patay	31. Kayraming <u>bangkak</u> na isda ang nakalutang sa tubigan dahil sa sobrang init ng araw ngayong hapon.
32.	banlik	lupang bundok na tinangay ng tubig na naipon sa tabing sapa o ilog	32. Kayhirap alisin ang <u>banlik</u> na pumasok sa loob ng aming bahay dulot nang maghapon pag-ulan.
33.	banukol	tirahan	33. <u>Banukol</u> ng maliliit na isda ang mga batong nakatambak sa gilid ng dam.
34.	bantay-sawit	bundok sa gitna ng dam	34. Sinasabing may isang magandang babaeng nagbabantay sa <u>bantay-sawit</u> kung kaya't lahat ng bangkerong may matikas na pangangatawan ay nawawala kapag napadpad roon.
35.	bantil	hilaw; bantilawan	35. Huwag mo munang tanggalin ang sinaing sa kalan dahil ito'y <u>bantilawan</u> pa.

36. barawbaw	murang bunga ng monggo	36. Paboritong ulam ng mga Ilokano ang binagoongang <u>barawbaw</u> .
37. bari-bari	ekspresyon kapag makikiraan sa hindi nakikita	37. Kung ikaw ay magpupumilit na tahakin ang madilim na lagusang iyan, mag <u>bari-bari</u> ka upang matiwasay kang makararating sa dulo ng kakahuyan.
38. barikdik; barikbik	panghuli ng isda	38. Diego, igayak mo na ang <u>barikbik</u> upang makaalis na tayo at dumidilim na.
39. batad	babad	39. Maghapon <u>batad</u> si Carlo sa tubigan dahil sa pagnanais na makahuli nang maraming isda.
40. baway-baway	gamit panghuli ng mailap na hayop	40. Kailangang gamitin ang <u>baway-baway</u> upang mahuli natin ang mailap na usa sa gubat na ito.
41. biabit	nakasabit, nakahuli	41. Tuwang-tuwa si tatay Jun dahil <u>biabit</u> siya ng maraming isda sa maghapon pangmamangka sa dam.
42. binaltak	hinila	42. <u>Baltakin</u> mong mabuti ang goryon upang sumunod sa hangin an gating Bangka.
43. binistok	pagbibinata/ pagdadalaga	43. Maraming kabataan sa Pantabangan ang may kapuri-puring <u>binistok</u> .
44. buklot	imbakan ng palay	44. Punong-puno ng palay ang <u>buklot</u> ni Mang Karding.
45. buhaya	buwaya	45. Kinain daw siya ng <u>buyaha</u> kung kaya't hanggang ngayon ay hindi pa rin lumulutang ang kanyang bangkay.
46. buniburan	pagkain na binuro	46. Masarap gumawa ang matanda sa gubat ng <u>buniburan</u> kung kaya't dinarayo pa ito ng mga dayuhan.
47. bunod	maliit na isda	47. Punong-puno ang talipapa sa bukana ng Pantabangan ng panindang <u>bunod</u> .

48. burasi	isdang malaki	48. Nagpapalakihan ng huling <u>burasi</u> ang mga bangkero sa kanilang maghapon pangisingda.
49. burayog	batang lalaki	49. Kalimitang isinasama ng bangkerong ama ang kanyang <u>burayog</u> sa pangisingda.
50. butakal	matakaw	50. Maraming <u>butakal</u> at maliliit na isda sa dam ang pinalalaki ng Tanggapan ng Pambayang Agrikultura.
51. butad	malaki ang tiyan	51. <u>Butad</u> ang mga burasing nakahalayhay sa mga papag sa may talipapa.
52. butingan	maliit na kamatis	52. Tiklis-tiklis ng <u>butingan</u> ang inani ni Mang Gusting sa kanyang bukirin.
53. buwa	tubo sa loob ng niyog	53. Huwag na nating biyakin ang niyog na iyan, hintayin na lang nating lumabas ang <u>buwa</u> at saka ito itanim.
54. buwan-buwan	larong katutubo ng Pantabangan	54. Paboritong laro ni Tikoy ang <u>buwan-buwan</u> lalo na kung panahon ng anihan.
D		
55. data	damong may matatalim na tangkay; matalim	55. Dumudugo ang kanyang sugat. Hindi niya naiwasan ang <u>data</u> ng damong tumubo sa kanilang bakuran.
56. dakwang	hakbang na malaki	56. Kailangan mong i <u>dakwang</u> ang iyong mga paa upang makatawid ka sa tubigang iyan.
57. dalayap	lugar	57. Tuwing hapon, sa <u>dalayap</u> na ito nagtatagpo ang mga bangkero bago sila pumalaot.
58. dalit	awit sa bangkayan	58. Muling narinig ang <u>dalit</u> ng mga bangkero ng malunod si Mang Gusting sa dam.
59. dalugot	sumugod	59. Narinig ng mga mananayaw ang dagundong ng musikang gagamitin sa pagtatanghal kaya't <u>dalugot</u> silang may

			kasihayan.
60.	danggil	natabig	60. <u>Nadanggil</u> ng pusa ang mamahaling plorera na nakapatong sa lamesa at ito'y nabasag.
61.	dasik	sisik	61. <u>Dasik na dasik</u> ng palabas ang taunang pagdiriwang ng Pandawan Festival.
62.	dawi	marami	62. Hinihintay ng mga asawang babae ang mga bangkero sa aplaya dahil nabalitaan nilang <u>dawi</u> ang huli ngayon araw.
63.	dayatan	palusot na pagtatanim ng palay	63. Dahil sa pesteng sumira sa mga panananim, ninais mag <u>dayatan</u> ang mga magsasaka.
64.	dayday	paanan ng bundok	64. Ang dalawang malaking bato sa dakong silangan ng dam ay nakatirik sa <u>dayday</u> .
65.	dipaso	marahan na takbo ng kabayo	65. Hindi naririnig ng mga katipunero ang mga parating na Kastila dahil sa <u>dipaso</u> .
66.	dumani	halaman tubig na karaniwang tumutubo sa gilid ng mga sapa at ilog na mabato	66. Nagiging masukal ang lawa dahil kumakalat ang <u>dumani</u> sa mga batong nakababad sa tubig.
67.	duwin	maramot	67. Huwag ugaliing maging <u>duwin</u> sa kapwa.
68.	dwagan	dalawa sa bilang Ilongot	68. Hangang sa ngayon, <u>dwagan</u> pa rin ang daan patungong aplaya.
E			
69.	ega	sinaing na hinuhusto ang luto; iniinin	69. Hintayin nating ma- <u>ega</u> ang kanin bago natin simulan ang masaganang pananghalian.
70.	egawal	umalis	70. Dahil sa kakulangan sa suporta ng bayan, <u>egawal</u> ang mga Ilongot sa bayan

G			ng Pantabangan.
71.	galgasol	di maingat sa pagkilos	71. Kapansin-pansin na lumalaking <u>galgasol</u> si Pilo kung kaya't marami ang hindi nahuhumaling sa kanya.
72.	galmang	hinalo sa pamamagitan ng kamay	72. Ang mga putong inihain sa pagdiriwang ay pinagtiyagaang <u>galmangin</u> ng mga nanay sa baryo.
73.	garakgak;girigit	palatawa	73. <u>Garikgrik</u> ang bagong silang na sanggol kaya't marami ang natutuwa sa kanya.
74.	garamos-pusa	uri ng matinik at mabaging na damong gubat	74. Umuwi siyang maraming galos sa binti at braso dahil hindi siya nakaiwas sa <u>garamos-pusa</u> .
75.	gasal	pangit sa tingin	75. Kay <u>gasal</u> ang hindi maaayos na pagtatanghal ng iyong sayaw.
76.	gasip	hiwa	76. Ang <u>gasip</u> ng iyong sugat ay magagamot kung makikinig ka sa payo ng iyong doktor.
77.	gibi	kapisanan ng mga bituin	77. Kaysarap pagmasdan ang <u>gibi</u> sa kalangitan.
78.	ginamos	nilamas	78. Ang mga panindang bagoong sa kalye ay <u>ginamos</u> ng mga manggagawa nito.
79.	gintalan	malaki	79. Kakaiba ang mga huling tilapia sa Pantabangan Dam. Sadyang <u>gintalan</u> ang mga ito.
80.	gita	lason ang bunga o laman	80. Huwag na huwag mong hahawakan ang halamang iyan, nakalalason ang <u>gita</u> nito.
81.	giw giw	ginaw na ginaw; nilalamig	81. Ayaw tumigil ang ulan, <u>giw giw</u> na ang mga bangkero sa laot.
H			
82.	halikapin	naubusan	82. Kayraming dumating na panauhin.

		<u>Halikapin</u> ng handa ang ilan sa kanila.
83. hamyod	mabilis na pagpasok	83. Nasira ang mga palaisdaan sa bukana ng dam dahil sa <u>hamyod</u> ng ilang mga kalabaw.
84. harangang taga	larong katutubo sa Pantabangan; patintero	84. Paborito ni Juan ang larong <u>harangang taga</u> .
I		
85. iarus	isulong	85. Kailangan <u>iarus</u> ang karapatan ng mga bangkero upang mabigyan sila ng tamang benepisyo.
86. ibik	hikbi; mahinang pag-iyak	86. Nadudurog ang aking puso kapag naririnig ko ang <u>ikbi</u> ng sanggol na iyan.
87. ibog	lakwatsa; libot	87. Talagang inubos ninyo ang inyong oras sa <u>kaiibog</u> sa bayan.
88. ibok	malaki at pulang langgam na kinakain ang mga mapuputing itlog nito	88. Huwag mong gagambalain ang mga <u>ibok</u> sa punong mangga. Tiyak kong gaganti sa iyo ang mga iyan kapag nagambala mo sila.
89. igod	kaunti; iilan	89. Malungkot si Mang Karyo dahil <u>igod</u> lamang ang huling isda.
90. inggak	biglaang paghuni	90. Nagulat ang marami sa <u>inggak</u> na narinig sa buong liwasang bayan.
91. inkir	nauubos; nawala	91. Nagalit ang punong bayan dahil <u>inkir</u> ang mga puno sa gubat.
92. ir-iran	madungis; marumi	92. Isang pulubi ang nakahadusay sa lansangan. Sadyang <u>ir-iran</u> ito kaya't mahirap makilala.
93. iwak	magkaingin	93. Noon pa man, ipinagbabawal na ang pa <u>iwak</u> sa bulubundukin ng Pantabangan.
K		
94. kaang	lalagyan ng tubig na yari	94. Iba't ibang <u>kaang</u> ang makikita sa

	sa putik	harapan ng bahay pamahaalan ng Pantabangan.
95. kabu-kabo	punong kahoy sa gubat	95. Nais ng pamahalaan na paramihin ang <u>kabu-kabo</u> upang muling bumalik ang ganda ng bundok.
96. kalabing	paniki	96. Dumilim ang kalangitan nang nagliparan ang mga <u>kalabing</u> mula sa kweba patungo sa tubigan.
97. kalandrakas	dala-dalahan	97. Hindi makayanan ni Juana ang pagsakay sa bus dahil sa <u>kalandrakas</u> niyang kayrami-rami.
98. kalabuwa	halamang tubig na inuulam	98. Paboritong inuulam ni tiyo Godo ang <u>kalabuwa</u> kung kaya't lagi niyang inuutusan si Jay na bumili ito sa mga bangkero.
99. kalapyaw	panangga sa ulan na yari sa anahaw	99. Abala ang mga nanay sa paggawa ng <u>kalapyaw</u> na gagamitin ng kanilang mga asawa sa panahon ng tag-ulan.
100. kalasagan	malaking bayawak	100. Nagulat ang marami ng biglang lumabas ang <u>kalasagan</u> mula sa puno ng kawayan.
101. kalitungan	makitid na daan	101. Tiyak na hindi makaraan ang ating sasakyan sapagkat may <u>kalitungan</u> ang daan patungo roon.
102. kalos	panghuli ng isda	102. Gamit ang <u>kalos</u> kaya't marami siyang nahuling isda.
103. kanit	langgam na kulay itim na masakit mangagat	103. Kayraming <u>kanit</u> ang nagkalat sa paanan ng bundok kaya't hirap silang akyatin ito.
104. kanikani	sakit sa balat karaniwan sa mga matatanda	104. Dumarami ang sakit na <u>kanikani</u> sa bayan . Naalarma tuloy ang Pambayang Pagamutan.
105. karangkang	masalita	105. Naiinis si Joan sa kanyang ate Malou dahil sa <u>karangkang</u> ito.
106. karudkod	kumayod	106. Hindi tumutigil ang mga ama sa

		Pantabangan sa kakakarudkod dahil malapit na ang tagtuyot.
107. kasab	kinagat	107. Kailangan ng isugod sa ospital ang batang <u>nakasab</u> ng aso upang hindi kumalat ang lason sa katawan.
108. kasat	nagkalat	108. Pagkatapos ng masayang pagdiriwang, <u>kasat</u> ang mga dumi sa liwasang bayan.
109. kibra	hindi naubos	109. Kahit dumagsa pa ang mangingisda sa Pantabangan Dam, hinding hindi <u>kikibra</u> sang tilapiang mahuhuli dito.
L		
110. labit	sabi; sinasabi	110. <u>Labit</u> -labit sa bayan na mayroong magandang sirena na nagbabantay sa tubigan kaya't kayraming isda sa Pantabangan Dam.
111. lagarog	natalo	111. Nalungkot ang mga mananayaw mula sa Villarica, isang barangay sa bayan ng Pantabangan, dahil sila ay <u>lagarog</u> sa sayawan.
112. lakway	mahaba	112. <u>Malakway</u> ang daan patungo sa mismong tanggapan ng dam kaya't kailangan nating umalis nang maaga.
113. languway	mahusay gumawa ng paraan	113. Nagtagumpay si Carlo sa kanyang pag-aaral kahit hirap siya sa buhay dahil sa kanyang <u>languway</u> .
114. lapis	bao ng niyog na ginawang lalagyan ng tubig o pagkain	114. Kapansin-pansin pa rin na maraming matatanda sa baryo Cadaclan na kumakain gamit ang <u>lapis</u> .
115. layon	pinakamalalim na bahagi ng ilog	115. Walang pang nakararating sa gitna na tubigan kung saan ang <u>layon</u> ay makikita dito.
116. liping	gutom na gutom	116. Isang malaking ahas sang lumabas mula sa butas at mukhang <u>liping</u> na liping

117. liwliw	bingwit	ito.
M		
118. maapdus	masakit	117. Tuwing hapon, masayang-masaya ang mga bata sa pagliwliw sa palayan.
119. madukas	masama	118. Ramdam ng mga mananayaw ng Pandawan Festival ang <u>maapdus</u> na sugat sa kanilang paa pagkatapos maglakad nang tatalong oras.
120. magdadarop	sastre	119. Huwag ugaliing maging <u>madukas</u> sa iyong kapwa.
121. malak –malak	bulong nang bulong	120. Tuwing panahon ng Pandawan, kumikita ang mga <u>magdadarop</u> sa bayan sa dami ng damit na kanilang tinatahi.
122. makayamot	nakakainis	121. Isang marungis na matanda ang nakatayo sa tapat ng bahay pamahalaan at siya'y <u>malak ng malak</u> .
123. marang	maanghang	122. <u>Makayamot</u> ang hindi pagsunod ng mga motorista sa batas trapiko kaya't buhol buhol ang sasakyan lansangan.
124. maurag	bastos; bulgar;magaspang	123. Paboritong ulam ng aking ama ang ginataang gabi na sadyang ito <u>marang</u> .
125. mandala	inayos at tinipong bigkis ng palay	124. Hindi kinalulugdan ng magulang ang batang <u>maurag</u> .
126. mangrarambat	mangingisda	125. Pagkatapos ng anihan, makikita ang mga magsasaka na inaayos nila ang <u>mandala</u> sa gitna ng kanilang bukirin.
mansangal	malaki	126. Masayang-masaya ang mga <u>mangrarambat</u> tuwing panahon ng Pandawan dahil maraming turistang bumibili ng kanilang huling isda.
N		
128. nagpalinpin	naghanay	127. Laging ubos ang <u>mansangalang</u> tipalia at burasi dahil ito ang paborito nang marami.
		128. Handa na ang parada ng kapistahan

129. napigki	nasakal	ng bayan. <u>Nagpalinpin</u> na ang street dancers at musikong kasama sa mangunguna nito.
O		
130. obaob	talo; natalo	129. Awang-awa ako sa asong namatay dahil <u>napikil</u> ito sa pagkakatali.
131. obur	sinugod; binato nang marami	130. Na <u>obaob</u> ang dating champion ng street dancing competition dahil sa hindi magandang kasuotan.
132. olag	haluin	131. In <u>obor</u> ng malalaking bato ng mga kabataan ang kanilang mga katunggali mula sa ibayong tubigan.
P		
133. pabakas	bakas ng paa ng tinitirhan ng mga isda	132. Kailangan mong ulag- <u>olagin</u> ang kalamay upang lalong sumarap ito.
134. pabigsukan	palakasan	133. Gawa tayo ng <u>pabakas</u> upang may magtirahan muli ang mga isda sa darating na buwan.
135. pabyay	huli; nakulong	134. Ang bunong-braso ay isa sa mga <u>pabigsukang</u> nilalahukan ng mga kalalakihan ng bayan ng Pantabangan tuwing Pandawan Festival.
136. pagalay	bingwit na ginagamitan nang malaki at mahabang buho; karaniwang ginagamit panghuli ng dalag at hito	135. Maraming <u>pabyay</u> na hipon at isda ang baklad ni mang Jose kaya't tuwang-tuwa siyang inaangat ito.
137. pagel	panlulumo	136. Kailangan mong gumawa ng maraming <u>palagay</u> bago dumating ang Pandawan. Maraming turista ang maghahanap nito at sila'y mamimingwit ng isda sa dam.
138. paidpid	sadsad	137. Na <u>pagel</u> ang mga mananayaw mula sa Poblacion East nang malaman nilang sila ang nagwagi sa paligsahan.
139. paknit	pakagat; pain sa pamimingwit	138. <u>Pumaidpid</u> ang mga bangka sa laot dahil sa lakas ng hangin dala ng bagyo.
		139. Kailangan na nating ihanda ang mga <u>paknit</u> upang masimulan na natin ang

140. palawag	lugar sa tabi ng Pantabangan sa lumang bayan	pamimingwit. 140. Paboritong pinupuntahan ng mga turista ang <u>palawag</u> tuwing sila'y bumibista sa Pantabangan.
141. pantok	pinakamataas	141. Mamamalas mo ang kabuuan ng Pantabangan Dam kung ikaw ay tatayo sa <u>pantok</u> ng bundok sa may Villarica.
142. pasyok	pamalo; piraso ng kahoy	142. Ipunin mo ang mga <u>pasyok</u> at gagamitin natin ito sa pagtatayo ng bahay-kubo.
143. patalbog	panghuli ng isda	143. Ang mga siit ng kawayan ay maaaring gawing <u>patalbog</u> . Epektibo itong bahayan ng mga isda.
144. patanaw luyo	nagpapatanaw, pumuporma	144. Tuwing hapon, <u>patanaw-luyo</u> si Damian kay Liza ngunit hiyang-hiya siyang magpakita nang tuluyan.
145. patatso	sapatos	145. Pare-pareho ng suot na <u>patatso</u> ang mga mananayaw kaya't kapansin pansin ang kanilang magandang galaw.
146. patuki	kareta	146. Hila-hila pa rin ng <u>patuki</u> ang mga inaning sibuyas mula sa Gandoz patungong kabayanan.
147. patukba	pamingwit	147. Iba't ibang kulay ang mga ipagbibiling <u>patukba</u> sa pamilihang bayan.
148. patustos	bingwit na mahaba	148. Mas kakailanganin mo ang <u>patustos</u> kung sa dulong bahagi ka ng dam mamimingwit.
149. pernew; poropor	ambon	149. Nagbabadya ang <u>poropor</u> kaya't tumigil muna tayo sa silong ng punong ito.
150. pitay	himayin	150. <u>Pitay</u> -pitayin mo ang dahon ng alibangbang upang maging maganda ito sa paningin ng mamimili.
151. putog	bangin	151. Hindi gaanong matarik ang mga <u>putog</u> sa bayan ng Pantabangan.

R		
152. ranot	sagasa	152. <u>Naranot</u> ng malaking sasakyang ang mga panananim na bawang at sibuyas sa barangay San Juan.
153. rinat	dumi	153. Hindi nakapagsayaw nang mabuti ang mga mananayaw ng Poblacion West dahil sa <u>rinat</u> na nagkalat sa bulwagan.
154. rugid	magaslaw	154. Isang dahilan kung bakit sila natalo sa pagsasayaw ay mar <u>ugid</u> ang kanilang galaw.
S		
155. sagap	panghuli ng isda na yari sa lambat na itinatali sa tatsulok na putok ng bukawi	155. Kitang –kita sa mga bahayan malapit sa pampang ng dam ang mga <u>sagat</u> na nakasabit na ilang taon ng gamit ng mga mangingisda.
156. sagkit	dikit	156. Nakasagkit sa harapan ng bahay pamahalaan ang malaking listahan ng mga palabas sa darating na Pandawan.
157. salagwit	kasama sa pangingisda	157. <u>Salagwit</u> ng mga mangingisda ang kanilang mga anak na lalaki upang maturuan nila sa paghahagis ng lambat.
158. salipungo	kahoy na ibinaon pang harang sa tubig	158. Kahit ilang bagyo at baha ang dumating, hindang-hindi masisira ang <u>salipungo</u> sa saluysoy.
159. sunson	atras ng tubig pagkatapos ng baha	159. Punong-puno ng banlik ang <u>sunson</u> ng tubig pagkatapos ng malakas ng ulan.
160. suyak	natinik sa paa	Dapat mong iwasan ang paglalakad sa tubigan na nakayapak dahil maaari kang mas <u>uyak</u> sa dami ng siit na nakalagak doon.
T		
161. tabula	bulaan	161. Huwag basta basta maniniwala sa mga taong hindi kakilala at baka silay'y mga <u>tabulang</u> nilalang.
162. tabtab	malasa	162. <u>Tabtab</u> ang maliliit na bunod mula sa Pantabangan Dam.

163. talang	mabolo	163. Maraming tanim na punong <u>talang</u> sa hulo. Tuwing tag-ulan, maraming bata ang pumupunta doon upang mamitas.
164. timalog	magpahinga	164. Kailangang mag <u>timalog</u> ng mga mananayaw bago sila sumabak sa showdown sa plaza mamayang dapit-hapon.
165. tarindik	sombrero	165. Kaakit-akit ang mga makukulay na <u>tarindik</u> na suot ng mga matatanda sa kanilang sayaw.
166. tibabal	balabal	166. Iba't ibang makikintab na <u>tibabal</u> ang pasalubong ni Juana mula sa Davao.
167. tingadngad	tingala	167. Binalingoyngoy si Carlo, kailangan niyang <u>itangadngad</u> ang kaniyang ulo upang hindi dumaloy nang dumaloy ang dugo.
U 168. ublag	kaingin tinataniman nang ilang beses	168. Nagkulay berde ang kabudukan sa barangay Conversion dahil muling nataniman ang <u>ublag</u> ng maraming puno.
169. ulyab	sigaw	169. Nakabibinge an <u>ulyaban</u> ng mga manonood sa pandawan street dance competition.
170. um –um	panghuli ng bunod	170. lilan na lamang ang mangingisdang gumagamit ng <u>um-um</u> . Kapansin pansin na modern na rin ang paghuli ng bunod ngayon.
171. urag	maganda	171. Bumabalik, nakikisaya, at nagdiriwang ang mga <u>uragang</u> dalaga sa Pantabangan tuwing pahanon ng Pandawan.
W 172. wag-wag	alis; pagpag	172. Sa mga likhang sining ni Fernando Amorsolo, hindi nawawala ang kababaihang nagwawag-wag tuwing anihan ng palay.
173. wasir	iitsa; ihagis	173. <u>Iwasir</u> mo nang malakas ang lambat ng sakupin nito ang malawak na tubigan.

174. wiris	napalipit ang bituka	174. Kailangan siyang operahan dahil nakita sa kanyang X Ray na <u>wiris</u> ang kanyang bituka.
Y 175. yap-yap	manibalang na papaya na nilagyan ng suka	175. Tuwing tag-init, kaysarap kumain ng <u>yap-yap</u> sa kubo sa bukirin ni Mang Jose.
176. yukmot	makapal na damo	176. Hindi tayo makakapasok sa kwebang iyan, napapaligiran nang <u>yukmot</u> ang bunganga nito.

Tungkol sa may-akda:**ROMMEL V. ESPEJO**

Nagtapos ng kursong Bachelor in Secondary Education Major in English at Master of Arts in Education Major in Filipino. Kasalukuyang tinatapos ang kursong Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino sa De La Salle University, Manila. Kalihim ng UGFIL (Ugnayang Filipino), isang pambansang samahan ng mga nagtuturo ng Filipino at Panitikan. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Nueva Ecija University of Science and Technology sa Lungsod ng Cabanatuan.